# Ang Notice of Proposed Rulemaking (NPRM) ng U.S. Environmental Protection Agency na Baguhin ang Mga Regulasyon sa Kawalan ng Diskriminasyon

**Office of Civil Rights**

# Kasaysayan

**Ang kasalukuyang NPRM ay isa sa maraming mga hakbang na ipinapatupad ng EPA para matiyak ang mabilis, mabisa at episyanteng pamamahala sa mga listahan ng reklamo hinggil sa kawalan ng diskriminasyon na may kaugnayan sa karapatan bilang mamamayan at para mapahusay ang proactive na programa sa pagsusunod sa mga tuntunin ng Office of Civil Rights (OCR).**

**Mula pa noong 2010, ang EPA ay nagsagawa ng isang malawakang eksaminasyon sa programa nito para sa Karapatan Bilang Mamamayan, sa looban nito at sa pamamagitan ng pagtatalaga ng isang panlabas na pagrerepaso na programa.**

**Kabilang sa prosesong ito ang pag-benchmark sa mga regulasyon nito laban doon sa iba pang mga ahensyang pederal at ang desisyon nito na ihanay ang mga regulasyon nito nang umaalinsunod sa higit sa dalawampung iba pang mga ahensyang pederal.**

# Mga Hakbang Paano Maako ang Pananagutan para sa Panlabas na Pagsuno sa Tuntunin at Mga Reklamo na Programa

**Ang External Compliance Strategic Plan para sa taong 2015-20 ng OCR ay nagtataguyod ng pananagutan mula sa programa na kritikal sa misyon sa pamamagitan ng mga hakbang na:**

**1) para matiyak ang agad, mabisa at episyenteng pamamahala sa listahan ng reklamo;**

**2) mapahusay ang external compliance na programa ng OCR sa pamamagitan ng proactive na pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin, pagbubuo ng estratehikong patakaran, at pakikisali ng mga mahahalagang EPA, pederal at panlabas na partner at stakehoder (hal.. mga recipient (tatanggap) at komunidad); at**

**3) patatagin ang mga manggagawa ng OCR sa pamamagitan ng estratehikong pagpaplano para sa pamumuhunan sa mga tauhan, paglilikha ng maayos na organisasyon at mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong para sa teknolohiya at pagsasanay para mataguyod ang mabuting pagganap ng organisasyon**

# Layunin ng NPRM

**Ang isa sa mga hakbang na isinasagawa ng PCR para matiyak ang agad, mabisa at episyenteng pamamahala sa listahan ng mga reklamo ay para mapahusay ang proactive na pagsunod ng OCR sa programa para sa pagsunod sa tuntunin, ay ang pagbabago nito sa regulasyon hinggil sa kawalang ng diskriminasyon. Ang NPRM ay:**

- **Magpapatibay muli sa pagpapasya ng EPA na pasimulan ang mga pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin para matiyak ang pagsunod sa tuntunin para sa mga batas hinggil sa karapatan bilang mamamayan;**

- **Bigyang ng kapangyahin ang EPA na regular na humiling at tumanggap ng impormasyon tungkol sa pagsunod sa tuntunin mula sa mga recipient (tatanggap);**

- **Magpatibay muli sa pagpapasya ng EPA na tiyakin kung paano masisigurado ang isang agad, mabisa at episyenteng resolusyon ng mga kaso nito; at**

- **Mapagtibay muli sa EPA para magpasya na ipasadya ang pamalakad nito sa mga reklamo para makatumbas ang kalawakan ng saklaw nito at kalikasan.**

# Iminumungkahing Pagbabago

- **Alisin ang "dahilan para maniwala na mayroong diskriminasyon" na lengguwahe sa mga seksyon 7.85(b), 7.110(a) at 7.115(a) para umalinsubod sa lengguwahe ng mga regulasyon ng iba pang mga ahensyang pederal;**
- **Magbigay ng mabuting pagpapasya na magsumite ang mga recipient (tatanggap) ng mga ulat sa pagsunod sa tuntunin sa pamamagitan ng paggamit ng lengguwahe na lubos na katulad ng mga regulasyon sa maraming iba ang pederal na ahensya;**
- **Alisin ang panimulang teksto sa seksyon 7.120 tungkol sa imbestigasyon ng "lahat ng mga reklamo" at gumamit ng lengguwahe na umaalinsubod sa mga regulasyon na ginagamit ng iba pang mga ahensyang pederal at ng Coordination Regulations sa 28 C.F.R. Part 42, Subpart F ng DOJ; at**
- **Baguhin ang mga seksyon 7.115(c) at 7.120(c) and (d) sa pamamagitan ng pagtatanggal sa mga tiyak na deadline na kaugnay sa pagpoproseso ng mga reklamo, habang ipinapatupad ang kahilingan na ang iba't ibang mga hakbang para sa pagpoproseso ng reklamo ay nagaganap nang "nasa oras". Kabilang dito ang pagtanggap, pagrerepaso ng hukom, at pagtatapos sa mga imbestigasyon/pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin na deadline.**
- **Alisin ang mga pagbanggit sa mga nagpasong OMB na control numero at idagdag ang mga kasalukuyang OMB control number.**

# Inaasahang Epekto

- **Para mapahintulutan ito na makabuo ng isang huwarang programa para sa karapatan bilang mamamayan na mabilis at mabisang mapapatupad ang mga kautusan hinggil sa karapatan bilang mamamayan ayon sa kapaligiran, ang mga regulasyo ng EPA ay ihahanay doon sa higit sa 20 iba pang mga ahensyang pederal.**
- **Pahintulutan ang EPA na magpasadya ng daan para sa resolusyon ng bawat reklamo batay sa bukod tanging modelo ng mga katotohanan at legal na isyung ipinakita.**
- **Kailangan ay nasa panahon rin na maproseso at maimbestigahan ng EPA ang mga reklamo kahit na inalis ang mga hindi nababagong deadline. Ang EPA ay may ganap na pananagutan sa pagpoproseso ng mga reklamo sa mabilis na paraan.**
- **Magkaloob sa EPA ng mga katulad na antas ng pagkakaangkop at pagpapasya tulad ng ginagawa ng iba pang mga ahensyang pederal kapag nangongolekta ng impormasyon ayon sa pagsunod sa tuntunin. Tulad nang naipakita ng iba pang mga ahensya, ang matagumpay na programa para sa pag-ulat ng pagsunod sa tuntunin ay maaaring isang napakahalagang kagamtian sa pamamahala ng listahan ng iniimbestigahan na reklamo, sa pamimili ng mga recipient (tatanggap) para sa mga pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin, at pagsasagawa ng natarget na pag-abot kamay para makapagkaloob ng teknikal na tulong.**
- **Ang pakikipagtulugan sa mga interesadong stakeholder hinggil sa nilalaman, dalas at pagbibigay priyoridad sa mga recipient (tatanggap) na inaasahang magsumite ng mga ulat ng pagsunod sa tuntunin hinggil sa impormasyon na hinihiling na mula sa kanilang kolektahin at itabi, at pati na rin ang may mga yugtong pamamaraan sa pagsasagawa ng mga pagrerepaso sa pagsunod sa tuntunin.**
- **Mas proactive na pakikisali sa mga recipient (tatanggap) at komunidad para kilalanin ang mga isyu bago pa maging mga reklamo ito.**
- **Linawin ang naaangkop na OMB Control Number na ginagamit sa mga kahilingan ng EPA para sa impormasyon sa ilalim ng 40 CFR Part 7.**

# Questions

- **Velveta Golightly-Howell, Director of the Office of Civil Rights**
- **Lilian Dorka, Deputy Director of the Office of Civil Rights**
- **Jeryl Covington, Acting Assistant Director of the External Compliance and Complaints program**